## BACKGROUND

**Mayaman ang probinsya ng Northern Samar sa iba't ibang anyo. Isa ito sa 3 probinsya sa Isla ng Samar. Mero iton kabuuang land area na 349,800 ektarya na binubuo naman ng 24 na bayan at 569 na barangay**

### MAYAMAN SA MINERALES

Mataas ang halaga ng mga minerales na meron sa probinsya kagaya ng Bauxite at Chromite. Kasama na ang corales, adobe, graba, boulders at cobbles.

### PRODYUSER NG NIYOG

58% ng kalupaan ng Northern Samar ay nakatalaga para sa agrikultura. Ang probinsya ay mayroong 16.8 milyon na puno ng niyog o 32.4% sa kabuuang bilang ng mga niyog sa buong Eastern Visayas.

### MAYAMAN SA ABACA

3.37 kilo tonelada ng abaca ang na-produce ng probinsya noong 2016. Ito ang pinakamalaking nag-aambag sa produksyon ng abaca sa rehiyon at isa sa pinakamalaki sa buong mundo.

## KAHIRAPAN

**Ika-2 ang Eastern Visayas sa pinakamahirap na rehiyon sa buong bansa, habang ika-9 ang Northern Samar sa pinakamahirap na probinsya. 6 sa bawat 10 taga Northern Samar ang kinokonsidera na mahirap ng gobyerno o 56.2% na poverty incidence sa populasyon.**

## MILITARISASYON

**Sa paglala ng mga kontra-mamamayan at pabor sa mga higanteng korporasyon na mga programa ng gobyerno tulad ng TRAIN at banta ng Cha-Cha, hindi maiiwasan ang pagtutol ng mamamayan. Lalo na sa kapabayaa ng gobyerno sa mga kalamidad na dumaan. Noong nakaraang mga buwan ay pinangunahan ng People Surge at NSSFA ang malakihang mga pagkilos na nagdedemanda ng aksyon mula sa gobyerno. Pero, ang naging tugon ng gobyerno ay ang pagsupil sa mamamayan sa pamamagitan ng pandarahas; nagdeploy sila ng mga military sa mga komunidad ng mga magsasaka para takutin ang mamamayan imbes na sana'y sagutin ang pangangailangan ng ayuda ng mga magsasaka.**

**Sa gayon, napakarami na ng mga bayolasyon sa karapatang pantao ang ginawa ng mga tropa ng 8th Infantry Division sa buong Eastern Visayas laban sa mamamayan ng rehiyon. Isang kaso ay ang sa barangay San Miguel, Las Navas, NS kung saan nagkampo mismo ang mga militar sa mga paaralann at simbahan at naglagay ng mga kanyon at landmine o bomba sa ilalim ng lupa. Inokupa rin nila ang mga Barangay Hall at maging mga Health Center. Sa bayan ng Matuguinao ay nagkaroon na ng aerial bombing o pagbomba sa mga komunidad mula sa himpapawid. Ang mga impormasyon na ito ay kailangan malaman ng buong bansa at buong mundo upang matigil na ang mga di-makataong gawain ng mga elemento ng estado laban sa mga magsasaka.**

***Kahit na mayaman ang probinsya, nananatiling naghihirap ang mamamayan nito. Ang yaman ng probinsya at kahirapan ng mamamayan nito sa kabilang banda ang nagbibigay ng katanungan na kung bakit ang ganyang klase ng sistematikong pagpapahirap sa mamamayan ay nangyayari.***




## BACKGROUND

**Mayaman ang probinsya ng Northern Samar sa iba't ibang anyo. Isa ito sa 3 probinsya sa Isla ng Samar. Mero iton kabuuang land area na 349,800 ektarya na binubuo naman ng 24 na bayan at 569 na barangay**

### MAYAMAN SA MINERALES

Mataas ang halaga ng mga minerales na meron sa probinsya kagaya ng Bauxite at Chromite. Kasama na ang corales, adobe, graba, boulders at cobbles.

### PRODYUSER NG NIYOG

58% ng kalupaan ng Northern Samar ay nakatalaga para sa agrikultura. Ang probinsya ay mayroong 16.8 milyon na puno ng niyog o 32.4% sa kabuuang bilang ng mga niyog sa buong Eastern Visayas.

### MAYAMAN SA ABACA

3.37 kilo tonelada ng abaca ang na-produce ng probinsya noong 2016. Ito ang pinakamalaking nag-aambag sa produksyon ng abaca sa rehiyon at isa sa pinakamalaki sa buong mundo.

## KAHIRAPAN

**Ika-2 ang Eastern Visayas sa pinakamahirap na rehiyon sa buong bansa, habang ika-9 ang Northern Samar sa pinakamahirap na probinsya. 6 sa bawat 10 taga Northern Samar ang kinokonsidera na mahirap ng gobyerno o 56.2% na poverty incidence sa populasyon.**

## MILITARISASYON

**Sa paglala ng mga kontra-mamamayan at pabor sa mga higanteng korporasyon na mga programa ng gobyerno tulad ng TRAIN at banta ng Cha-Cha, hindi maiiwasan ang pagtutol ng mamamayan. Lalo na sa kapabayaa ng gobyerno sa mga kalamidad na dumaan. Noong nakaraang mga buwan ay pinangunahan ng People Surge at NSSFA ang malakihang mga pagkilos na nagdedemanda ng aksyon mula sa gobyerno. Pero, ang naging tugon ng gobyerno ay ang pagsupil sa mamamayan sa pamamagitan ng pandarahas; nagdeploy sila ng mga military sa mga komunidad ng mga magsasaka para takutin ang mamamayan imbes na sana'y sagutin ang pangangailangan ng ayuda ng mga magsasaka.**

**Sa gayon, napakarami na ng mga bayolasyon sa karapatang pantao ang ginawa ng mga tropa ng 8th Infantry Division sa buong Eastern Visayas laban sa mamamayan ng rehiyon. Isang kaso ay ang sa barangay San Miguel, Las Navas, NS kung saan nagkampo mismo ang mga militar sa mga paaralann at simbahan at naglagay ng mga kanyon at landmine o bomba sa ilalim ng lupa. Inokupa rin nila ang mga Barangay Hall at maging mga Health Center. Sa bayan ng Matuguinao ay nagkaroon na ng aerial bombing o pagbomba sa mga komunidad mula sa himpapawid. Ang mga impormasyon na ito ay kailangan malaman ng buong bansa at buong mundo upang matigil na ang mga di-makataong gawain ng mga elemento ng estado laban sa mga magsasaka.**

***Kahit na mayaman ang probinsya, nananatiling naghihirap ang mamamayan nito. Ang yaman ng probinsya at kahirapan ng mamamayan nito sa kabilang banda ang nagbibigay ng katanungan na kung bakit ang ganyang klase ng sistematikong pagpapahirap sa mamamayan ay nangyayari.***




## Suportahan natin ang mismong nagbibigay ng pagkain sa ating hapag kainan!







Pambobomba sa mga komunidad, tortyur, arbitraryo na pang-aaresto, paninira ng mga pananim at pwersadong pagpapatrabaho – ilan lamang ito sa napakarami nang kaso ng mga bayolasyon sa karapatang pantao na dinaranas ng ating mga magsasaka sa Eastern Visayas sa isang sistematikong pagpapahirap sa kanila ng mga pwersa ng estado.



Ang lupa na aming pinagtataniman ay nanatiling hindi namin pag-aari at walang suporta mula sa gobyerno para sa agrikultura. Ang aming mga niyugan ay pineste ng cocolisap. Batay sa pag-aaral ng mga dalubhasa ay aabot ng mahigit 10 taon bago mapakinabang muli. Habang ang abaca naman ay pineste naman ng bunchy top virus na batay sa datos ng gobyerno noong nakaraang taon ay halos 100% na ang naapektuhan ng virus. Habang nahihirapan kami sa ganitong kalagayan ng aming kabuhayan ay pinalala pa ito ng matinding operasyon ng militar na nagresulta naman sa paglapastangan sa aming mga karapatan.



Sa nakaraang mga buwan at taon ay nagmakaawa na kami sa interbensyon ng gobyerno, pero hindi namin sukat akalain na imbes bigas at ayuda ang ibigay, ay karahasan at militarisasyon ang itutu-gon ng pamahalaan. Sa datos ng grupong Katungod-SB, ay di bababa sa 11 batalyon ng tropa ng militar ang nananalasa ngayon sa Eastern Visayas.



Tumitindig kami ngayon sa pagkakaisa na hingin sa gobyerno ang nararapat na tugon sa amin: ayuda sa agrikultura at lalong-lalo na, respeto sa aming batayang karapatang-pantao. At kailangan naming ng inyong suporta. Ang aming sitwasyon sa Eastern Visayas ay nangangailangan ng malakas at nagkakaisang pagkilos - Tumindig para sa Eastern Visayas, tumindig para sa Samar.

STAND WITH SAMAR

## Suportahan natin ang mismong nagbibigay ng pagkain sa ating hapag kainan!





Pambobomba sa mga komunidad, tortyur, arbitraryo na pang-aaresto, paninira ng mga pananim at pwersadong pagpapatrabaho – ilan lamang ito sa napakarami nang kaso ng mga bayolasyon sa karapatang pantao na dinaranas ng ating mga magsasaka sa Eastern Visayas sa isang sistematikong pagpapahirap sa kanila ng mga pwersa ng estado.



Ang lupa na aming pinagtataniman ay nanatiling hindi namin pag-aari at walang suporta mula sa gobyerno para sa agrikultura. Ang aming mga niyugan ay pineste ng cocolisap. Batay sa pag-aaral ng mga dalubhasa ay aabot ng mahigit 10 taon bago mapakinabang muli. Habang ang abaca naman ay pineste naman ng bunchy top virus na batay sa datos ng gobyerno noong nakaraang taon ay halos 100% na ang naapektuhan ng virus. Habang nahihirapan kami sa ganitong kalagayan ng aming kabuhayan ay pinalala pa ito ng matinding operasyon ng militar na nagresulta naman sa paglapastangan sa aming mga karapatan.



Sa nakaraang mga buwan at taon ay nagmakaawa na kami sa interbensyon ng gobyerno, pero hindi namin sukat akalain na imbes bigas at ayuda ang ibigay, ay karahasan at militarisasyon ang itutu-gon ng pamahalaan. Sa datos ng grupong Katungod-SB, ay di bababa sa 11 batalyon ng tropa ng militar ang nananalasa ngayon sa Eastern Visayas.



Tumitindig kami ngayon sa pagkakaisa na hingin sa gobyerno ang nararapat na tugon sa amin: ayuda sa agrikultura at lalong-lalo na, respeto sa aming batayang karapatang-pantao. At kailangan naming ng inyong suporta. Ang aming sitwasyon sa Eastern Visayas ay nangangailangan ng malakas at nagkakaisang pagkilos - Tumindig para sa Eastern Visayas, tumindig para sa Samar.

STAND WITH SAMAR